

**Mga Serbisyo sa Paaralan
at Pagsuporta sa Pamilya**

TELEPHONE: (213) 241-6701

FAX: (877) 339-2684

TTY: (213) 241-2511

EMAIL: spedsfss@lausd.net

WEBSITE: <http://achieve.lausd.net/sped>

Lunes—Biyernes

7:00 AM—5:00 PM

Mayroong Matatanggap na Mga

Serbisyo ng Interpreter



Beth Kauffman, Associate na Superintendente

Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon

Dr. Aaron Jeffery, Direktor

Mga Operasyon—School and Family
Support Services



PINAG-ISANG DISTRITO NG

**Dibisyon ng Espesyal
na Edukasyon**

**Mga Serbisyo sa Paaralan at
Pagsuporta sa Pamilya
(SFSS)**

Aming Misyon

Ang yunit ng **School and Family Support Services (SFSS)** ng Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon ay dedikado sa kolaboratibong pakikipagtrabaho sa mga pamilya, estudyante, katrabaho, at iba pang mga kasosyo sa edukasyon sa ating LAUSD upang itaguyod ang tagumpay at kabutihan ng bawat estudyante habang naghahanda siya sa mga pagpupunyagi sa hinaharap sa pamamagitan ng pagbibigay sa lahat ng mga kasosyo ng patuloy na paghahatid ng pinakawastong impormasyon, mga rekurso, tulong, at patnubay tungkol sa espesyal na edukasyon.



LOS ANGELES UNIFIED SCHOOL DISTRICT

**Division of
Special Education**

“bawat paaralan, bawat bata”

Ano ang Ginagawa Namin

Kung mayroon kang mga tanong at/o ikinababahala, na may kaugnayan sa espesyal na edukasyon o partikular tungkol sa IEP ng anak, makakatulong kami. Dedikado ang Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon sa:

- Pagbibigay ng impormasyon upang madagdagan ang pag-unawa at kamalayan tungkol sa espesyal na edukasyon, upang mas makalahok nang mas mabuti ang mga magulang sa proseso ng paggawa ng desisyon tungkol sa edukasyon ng kanilang anak
- Agarang pagsagot sa mga tanong at/o paglutas ng mga ikinababahala na nauugnay sa Individualized Education Program (IEP, Programa sa Edukasyon na Isinaalang-alang ang Indibidwal)
- Pakikinig sa mga ikinababahala ng magulang at pagtulong sa kanila sa pamamagitan ng maagap na paglutas
- Pagbibigay ng impormasyon tungkol sa mga oportunidad para lumahok ang magulang
- Pagpapadali ng kolaborasyon sa pagitan ng kawani ng Distrito at mga magulang
- Pagbibigay ng mga sagot sa mga tanong na may kaugnayan sa IEP
- Pagtulong sa mga pangangailangan sa transportasyon ayon sa ipinahayag sa IEP
- Pagbibigay ng pinakakasalukuyang impormasyon na may kaugnayan sa espesyal na edukasyon



Mga Serbisyo sa Paaralan
at Pagsuporta sa Pamilya
(213) 241-6701

Mga Rekurso ng Magulang

<http://achieve.lausd.net/sped>

Gabay ng Magulang sa Mga Serbisyo ng Espesyal na Edukasyon

Ang gabay na ito ay makukuha online sa website ng Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon at nilalayong sumagot sa mga pangkalahatang tanong hinggil sa proseso ng espesyal na edukasyon kabilang ang: mga pamamaraan sa referral, pagtatasa, IEP, at karapatan ng magulang.

Mga Sagot sa Palaging Tinatanong na mga Tanong

Hanapin ang mga sagot sa palaging tinatanong na tanong ng mga magulang hinggil sa espesyal na edukasyon at proseso ng IEP.

Mga Rekurso ng Magulang para sa Paglahok at Tagumpay ng Estudyante (PRESS)

Isang kalendaryo ng mga workshop para sa mga magulang na iniaalok sa iba't ibang lokasyon sa buong Distrito. Maaaring makakuha ang mga magulang ng impormasyon tungkol sa mga kurso sa pamamagitan ng pagpunta sa website ng Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon at pag-klik sa tab ng **FAMILIES**, at pagkatapos sa icon ng Parent Workshops icon o sa pamamagitan ng pagtawag sa (213) 241-6701 para humiling ng tulong.



Mga Rekurso ng Magulang (ipinagpapatuloy)

Komite ng Tagapayo ng Komunidad (CAC)

Ang komite na ito ay isang grupong tagapayo sa Special Education Local Plan Area (SELPA) ng Distrito. Binubuo ito ng mga magulang, propesyonal, at miyembro ng komunidad na mukikilos upang suportahan ang mga estudyante na may kapansanan. Ang buwanang pagpupulong ay isinasagawa sa sumusunod na lokasyon:

**Parent and Community Services
Auditorium
1360 West Temple St.
Los Angeles, CA 90026**

Tumawag sa (213) 481-3350 para sa karagdagang impormasyon

Tagapag-ugnay ng Magulang at Komunidad ng Dibisyon ng Espesyal na Edukasyon

Nagbibigay sa mga magulang ng mga estudyante na may kapansanan ng impormasyon tungkol sa mga oportunidad sa pagsasanay ng magulang at mga rekursong pangkomunidad.

**LaTanya Tolan, Espesyalista
Tagapag-ugnay ng Magulang at Komunidad
(213) 241-5445**

Pagsasanay ng Magulang sa Modified Consent Decree (MCD, Binagong Atas sa Pahintulot)

Ang mga pagsasanay ay inaalok sa taglagas at tagsibol sa bawat isa sa mga Lokal na Distrito. Ang mga pagsasanay na ito ay nagbibigay ng pangunahing impormasyon sa mga magulang na bago sa proseso ng espesyal na edukasyon. Para sa karagdagang impormasyon, maaari mong kontakin ang SFSS sa (213) 241-6701.